Tagalog

Paano Magbigay ng Tube Feeds gamit ang Gravity
How to Give Tube Feeds by Gravity

Maghanda para sa Iyong Tube Feeding

1. Hugasan nang mabuti ang iyong mga kamay gamit ang sabon at maligamgam na tubig.
2. I-check ang iyong feeding tube placement ayon sa instructions ng manufacturer o sa mga rekomendasyon ng iyong Health Care Provider.
3. Tanggalin ang formula mula sa refrigerator mga 30 minuto bago ito gamitin. Ang formula ay dapat nasa room temperature.
4. I-check ang expiry date ng formula. Huwag gumamit ng expired formula.
5. Ilagay ang supplies sa isang malinis na ibabaw:
   - ❑ Formula
   - ❑ Feeding set (bag na may tubing)
   - ❑ 50 hanggang 60 mL syringe
   - ❑ Room temperature na tubig na gagamitin para sa flushing
   - ❑ I.V. pole o hook para maisabit ang feeding set
6. Alugin nang mabuti ang formula at punasan ang ibabaw ng lalagyan gamit ang isang malinis at medyo basang tela bago ito buksan.
7. Isara ang roller clamp sa feeding set.
8. Sundin **Ang Iyong Tube Feeding Plan** at ibuhos ang inirerekomendang dami ng formula sa feeding set (bag).
9. Isabit ang feeding set sa isang I.V. pole o hook mga dalawa o tatlong feet sa ibabaw ng iyong ulo.
10. I-prime ang feeding set sa pamamagitan ng pagtanggal sa takip na nasa dulo ng feeding set, at pagkatapos ay buksan ang roller clamp upang hayaang pumasok ang formula papunta sa dulo ng tubing.
11. Isara ang roller clamp bago lamang umabot ang formula sa dulo ng feeding set.





Simulan ang Iyong Tube Feeding



1. Umupo nang diretso. Siguraduhing ikaw ay 30 degrees man lamang habang nagtu-tube feeding. Huwag humiga.
2. I-flush ng tubig ang iyong tube ayon sa **Ang Iyong Tube Feeding Plan**
    a. Punan ang syringe gamit ang tubig na nasa room temperature.
    b. Ikabit ang dulo ng syringe papasok sa feeding tube; siguraduhing ito'y hindi gumagalaw.
    c. Kung mayroon kang clamp sa iyong feeding tube, buksan ito. Itulak ang syringe plunger.
    d. Isara ang clamp, o kaya'y pisilin ang iyong tube at tanggalin ang syringe.
3. Ipasok ang dulo ng feeding set sa loob ng iyong feeding tube.
4. Kung mayroon kang clamp sa iyong feeding tube, buksan ito.
5. Buksan ang roller clamp upang steady ang pagtulo ng formula.

> **Upang palitan kung gaano kabilis ang iyong tube feeding, i-adjust ang roller clamp o ang height ng iyong feeding set**
> **(mas mataas = mas mabilis, mas mababa = mas mabagal)**

6. Kapag tapos na ang tube feeding, isara ang clamp, o pisilin ang tube at i-disconnect ang feeding set.
7. I-flush ang iyong tube ng tubig ayon sa **Ang Iyong Tube Feeding Plan.**
8. Manatiling nakaupo nang diretso nang kahit 60 minuto man lamang pagkatapos ng bawat feed.

Paano Linisin at I-store ang Iyong Tube Feed Supplies

Feeding Set

I-rinse ng tubig ang iyong feeding set sa pagitan ng tube feeds, at linisin ito nang isang beses bawat araw gamit ang sabon at tubig. Inirerekomenda ng manufacturers na gumamit ng bagong feeding set araw-araw. Gayunman, kung ang set ay nilinis ng sabon at tubig, maaari itong gamitin nang mas matagal. Ang nilinis na set ay maaaring itago sa refrigerator upang maiwasan ang pagkakaroon ng bacteria. Mangyaring kausapin ang iyong Dietitian para malaman ang mga opsyon sa paglilinis.

Syringes

Gumamit ng isang syringe para sa water flushes at isang hiwalay na syringe para sa mga gamot. Pagtanggal-tanggalin ang mga komponente ng syringes at araw-araw na linisin ito gamit ang maligamgam na tubig na may sabon, at pagkatapos ay i-rinse o banlawan ito nang mabuti. Patuyuin sa hangin ang mga syringe sa pagitan ng bawat paggamit. Ang syringes ay maaaring gamitin hanggang hindi na sila gumagana nang maayos. Ang uri ng syringe na ito ay maaaring itapon sa basurahan kung sila'y nag-crack o nasira.

Formula

Ang mga hindi bukás na lalagyan ay dapat itago sa isang tuyong lugar sa room temperature. Ang mga bukás na lalagyan ay maaaring itago sa **room temperature** nang hanggang 4 na oras. Itapon ang anumang formula na naiwan pagkatapos ng 4 na oras. Ang mga bukás na lalagyan ay maaaring takpan at itago **sa fridge** nang hanggang 24 oras. Itapon ang anumang formula na naiwan pagkatapos ng 24 oras.

Making better decisions together with patients and families

Para sa mga karagdagang kopya, bisitahin online ang **vch.eduhealth.ca**
o mag e-mail sa **phem@vch.ca** at banggitin ang Catalogue No. **BB.210.H91.TG**
© Vancouver Coastal Health, Hulyo 2022

Ang impormasyon na nakasulat sa dokumentong ito ay
sadyang para lamang sa táong binigyan nito ng health care team.
vch.ca

Mangyaring i - scan ang QR code na ito at ibigay ang iyong feed-back tungkol sa kalidad ng translation.